Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon III
**TANGGAPANG PANSANGAY NG BULACAN**

Liham Pansangay Bilang 104, s. 2021

Para sa: Hepe ng CID at SGOD
Lahat ng Kawani ng Tanggapang Pansangay ng Bulacan
Pinuno ng mga Pampubliko at Pribadong
Paaralang Elementarya at Sekundarya

Mula sa: Tagapamanihala ng mga Paaralan

Paksa: Pagdiriwang ng *"Orange Day" (No To VAWC)*

Petsa: Nobyembre 19, 2021

---

Ipinababatid ang pakikiisa ng buong Sangay ng Bulacan sa pagdiriwang ng *"Orange Day" (No To VAWC)* batay sa Memorandum DRF-11102021-302 na nilagdaan ng Punong Lalawigan Igg. Daniel R. Fernando at nakaugnay sa Kapasiyahan Blg. 094-T'18 ng Sangguniang Panlalawigan, na isinasagawa tuwing ika-25 ng Nobyembre bawat taon at tuwing ika-25 ng bawat buwan.

Ito ay bilang pagsuporta sa adbokasiya laban sa *Violence Against Women and their Children (VAWC)*.

Kaugnay nito, hinihikayat ang pagsusuot ng kulay *orange* na kasuotan o anumang palamuti na may kulay nito sa nabanggit na petsa, gayundin ang paglalagay ng *banner* ng *Anti-VAWC* sa mga pampubliko at pribadong paaralan.

Para sa kabatiran at kaukulang pagtalima.

**ZENIA G. MOSTOLES, EdD, CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

Provincial Capitol Compound, Brgy. Guinhawa, City of Malolos, Bulacan
*website: https://bulacandeped.com email. bulacan@deped.gov.ph*

DepEd-SDO of Bulacan Office of the SDS
RECEIVED
NOV 17 2021
By:
Time:

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN
LUNGSOD NG MALOLOS

# TANGGAPAN NG PUNONG LALAWIGAN

Nobyembre 10, 2021

**MEMORANDUM** : **DRF-11102021-302**

**PARA SA** : **LAHAT NG PUNONG BAYAN/PUNONG LUNGSOD**
**LAHAT NG PUNONG BARANGAY**
**LAHAT NG PINUNO NG TANGGAPAN**
Pamahalaang Panlalawigan at Nasyunal
**LAHAT NG PAMPUBLIKO AT PRIBADONG PAARALAN**
**LAHAT NG PRIBADONG TANGGAPAN**
Lalawigan ng Bulacan

**PAKSA** : **PAGDIRIWANG NG "*ORANGE DAY*" *(NO TO VAWC)***

---

Ito ay may kinalaman sa **Kapasiyahan Blg. 094-T'18** – Isang Kapasiyahan na Magalang na Hinihiling na Gunitain ng mga Ahensiya ng Pamahalaan at mga Pribadong Kumpanya sa Lalawigan ng Bulacan ang ***"Orange Day" (No to VAWC)*** Tuwing Ika-25 ng Nobyembre Bawat Taon at Tuwing Ika-25 ng Bawat Buwan sa Pamamagitan ng Pagsusuot ng Kulay *Orange* na Kasuotan o Anumang Palamuti na may Kulay Nito.

Kaugnay nito ay hinihiling ng inyong lingkod ang inyong pakikiisa at pagsuporta sa adbokasiya laban sa *Violence Against Women and Children (VAWC)*. Ito ay sa pamamagitan ng pagpapabatid sa inyong mga nasasakupan tungkol sa pagsusuot ng kulay *orange* na kasuotan o anumang palamuti na may kulay nito sa nabanggit na petsa. Hinihikayat din ang paglalagay ng *banner* ng *Anti-VAWC* sa mga pampublikong lugar at pribadong establisyemento.

Para sa mga katanungan, maaari kayong makipag-ugnayan kay **Gng. Catherine G. Faustino**, *Focal Person on Gender* at *Secretariat* ng Panlalawigang Komisyon para sa Kababaihan ng Bulacan (PKKB) sa numerong **0916-234-8154/0961-806-1237** o sa *email address* na *pkkbulacan@gmail.com*. Kalakip ang sipi ng Kapasiyahan Blg. 094-T'18 para sa inyong reperensiya.

Para sa inyong kaalaman at patnubay.

**DANIEL R. FERNANDO**
Punong Lalawigan

**#ThePeoplesGovernor**
2F Capitol Building, Guinhawa,
City of Malolos, Bulacan 3000
Telephone no.: +63 44 791 8148/49/50
Fax No.: +63 44 791 0853
danielfernando.bulacan
www.bulacan.gov.ph

*"Sipag at Tapat na Naglilingkod sa Inyo."*



Repubilka ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan

Sangguniang Panlalawigan

**SIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG BLG. 09 NG IKA-9 SANGGUNIANG PANLALAWIGAN NG BULACAN NA IDINAOS SA BULSO RESTAURANT, POBLACION GUIGUINTO, BULACAN, NOONG HUWEBES, MARSO 01, 2018**

**DUMALO:**

Igg. Daniel R. Fernando - - - - - Pangalawang Punong Lalawigan at Punong Tagapangulo

**MGA KASANGGUNI NG SANGGUNIANG PANLALAWIGAN**

**UNANG DISTRITO**
Igg. Therese Cheryll B. Ople
Igg. Felix V. Ople (Assistant Majority Floor Leader)
Igg. Allan P. Andan (Minority Floor Leader)

**IKALAWANG DISTRITO**
Igg. Enrique V. Dela Cruz, Jr. (Majority Floor Leader)
Igg. Ma. Lourdes H. Posadas

**IKATLONG DISTRITO**
Igg. Emelita I. Viceo

**IKA-APAT NA DISTRITO**
Igg. Alexis C. Castro
Igg. Allan Ray A. Baluyut
Igg. Perlita A. Delos Santos

**MGA KINATAWAN NG LIGA**
Igg. Mark Cholo I. Violago - - - - - Liga ng mga Barangay
Igg. Josef Andrew T. Mendoza - - - - - Liga ng mga Kagawad ng Sangguniang Bayan/Panlungsod

**HINDI NAKADALO:**

Igg. Rino V. Castro - - - - - Kasangguni, Ikatlong Distrito
Igg. Norma S. Roque - - - - - Kinatawan, Indigenous Cultural Communities/Indigenous Peoples (ICCs/IPs)

**KAPASIYAHAN BLG. 094-T'18**

**ISANG KAPASIYAHAN NA MAGALANG NA HINIHILING NA GUNITAIN NG MGA AHENSIYA NG PAMAHALAAN AT MGA PRIBADONG KUMPANYA SA LALAWIGAN NG BULACAN ANG *"ORANGE DAY" (NO TO VAWC)* TUWING IKA-25 NG NOBYEMBRE BAWAT TAON AT TUWING IKA-25 NG BAWAT BUWAN SA PAMAMAGITAN NG PAGSUSUOT NG KULAY ORANGE NA KASUOTAN O ANUMANG PALAMUTI NA MAY KULAY NITO**

**MAY-AKDA : SP MEMBER THERESE CHERYLL "AYEE" B. OPLE**
**MGA KA-MAY-AKDA: SP MEMBER PERLITA A. DELOS SANTOS**
**: SP MEMBER MA. LOURDES H. POSADAS**
**: SP MEMBER ATTY. EMELITA I. VICEO**
**: SP MEMBER NORMA S. ROQUE**

**SAPAGKA'T**, ang ika-25 ng bawat buwan ay itinalaga bilang "Orange Day" sa pamamagitan ng Campaign UNITE to End Violence Against Women ng United Nations Secretary-General upang itaas ang kamalayan at gumawa ng aksiyon upang tapusin ang karahasan laban sa mga kababaihan at kabataang babae;

**SAPAGKA'T**, ang *"Orange Day"* ay tinatawag ang pansin ng mga civil society pamahalaang lokal at nasyonal at UN partners na magpakilos ng mga tao at i-highlight ang mga isyu na may kaugnayan sa pagpipigil at pagtatapos sa karahasan laban sa mga kababaihan at kabataang babae hindi lamang isang beses sa isang taon ang International Day for the Elimination of Violence Against Women (Nobyembre 25) kundi ika-[illegible]

JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to the Sangguniang Panlalawigan

**SAPAGKA'T,** lahat ng 193 Member States ng United Nations ay pinagtibay ang 2030 Agenda for Sustainable Development na malinaw na nakasaad na lahat ng kababaihan at kabataang babae, anuman ang kanilang lokasyon, sitwasyon at circumstances o migratory status, ay dapat may karapatan sa isang buhay na Malaya sa karahasan at ang mga kahihinatnan nito;

**SAPAGKA'T,** batay sa Seksiyon 11, Artikulo II ng Saligang Batas ng 1987, "na pinahahalagahan ng estado ang bawat dignidad ng sinumang tao at tiniyak ang buong paggalang sa kani-kanilang karapatang pantao";

**SAPAGKA'T,** sang-ayon sa Seksiyon 2, *Deklarasyon ng Patakaran ng Republic Act 9710*, kilala sa taguring *"An Act Providing for the Magna Carta of Women"*, na isulong, itanghal at itaguyod ang karapatan, proteksiyon ng kababaihan tulad ng tinatamasa ng ibang kasapi sa lipunan;

**SAPAGKA'T,** itinatakda rin ng nasabing batas, sa Seksiyon 9 nito, na dapat tiyakin ng estado na ang lahat ng kababaihan ay mapangalagaan laban sa lahat ng uri ng karahasan na itinatadhana ng umiiral na batas;

**SAPAGKA'T,** ang Republic Act 9262, kilala sa taguring *"Anti-Violence Against Women and Children"*, ito ay ang batas na nagtatadhana sa proteksiyon ng kababaihan at ng kanilang mga anak, ay ang karaniwang nalalabag na batas laban sa kababaihan at ang maigting na implementasyon ng nasabing batas ay tunay na magsusulong ng kapakanan ng nabanggit na sektor;

**DAHIL DITO,** sa mungkahi at Akda ni Kasangguni ng Sangguniang Panlalawigan, Igg. Therese Cheryll "Ayee" B. Ople, kasamang May-Akda sina Kasangguni, Igg. Perlita A. Delos Santos, Igg. Ma. Lourdes H. Posadas, Igg. Atty. Emelita I. Viceo at Igg. Norma S. Roque, na pinangalawahan nina Kasangguni, Igg. Felix "Toti" V. Ople, Igg. Enrique "Buko" V. Dela Cruz, Jr., Igg. Allan P. Andan, Igg. Alexis C. Castro at Igg. Perlita A. Delos Santos,

**IPINASIYA,** gaya nang dito'y ipinasisiya, na magalang na hinihiling na gunitain ng mga ahensiya ng pamahalaan at mga pribadong kumpanya sa Lalawigan ng Bulacan ang ***"ORANGE DAY" (NO TO VAW/C)*** tuwing ika-25 ng Nobyembre bawat taon at tuwing ika-25 ng bawat buwan sa pamamagitan ng pagsusuot ng kulay orange na kasuotan o anumang palamuti na may kulay nito.

**PINAGTIBAY.**

Pinatutunayan ko na ang kapasiyahan sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Panlalawigan.

**MA. PERPETUA R. SANTOS**
**Kalihim ng Sangguniang Panlalawigan**

**PINAGTIBAY:**

**DANIEL R. FERNANDO**
**Pangalawang Punong Lalawigan**
**at Punong Tagapangulo**

**PINAGTITIBAY:**

**WILHELMINO M. SY-ALVARADO**
**Punong Lalawigan**

Local Legislative Staff Officer V